



Abstract

In order for his family to survive the pandemic, Dado opened a sari-sari store. Sometime after that, he met Jesus, a street dweller. Due to Dado's kind nature, the family of Jesus took advantage of him and they robbed the store. Dado launched a search for Jesus and his family to avenge his loss, not knowing he will instead unravel wounds from the past that has been eating away at him.

Keywords

Informal settler, street dweller, equal opportunity, pandemic, war on drugs

English title

Jesus is Alive

BUHAY SI JESUS

ARIEL SOTELO TABAG

“BUHAY SI JESUS,” bungad ko sa aking asawa. Pero lulugo-lugo akong nagtungo sa dati naming tindahan na naging bodega na ng mga ibinebenta sa online ng aking mag-ina. Hindi ko pa alam kung paano siya sasagutin sa mga katanungan niya tungkol sa pinuntahan ko.

Habang nakaupo ako sa bodega, naalala ko kung paano nagsimula ang dating tindahan. Ipinasiya ng asawa ko na mag-for good nang ibalita ko sa kaniya na hindi ko na kayang pangasiwaan ang aming kantina sa loob ng eskuwelahan ni Mikael. Sinabi ko sa kaniya na ang kikitain ng kantina, kayang sagutin ang renta sa tinitirhan namin, ang matrikula ng aming anak, at may kaunti pang natitira na ipon. Sakto naman na magtatapos na ang kaniyang kontrata bilang DH sa Hong Kong at hindi na niya ito pina-renew.

Ang siste, ilang buwan pa lamang siya nakababalik sa bansa nang lumaganap ang pandemya. Nagka-community quarantine saka lockdown. Biglaan ang pagtigil ng kantina.

Kahit nagluwag na ang gobyerno, hindi na nagbukas ang mga paaralan. Napilitan akong makiusap sa aming landlord na kung puwede, gawin kong sari-sari store ang espasyo na nakalaan sa parking sa tagiliran ng nirentahan naming yunit. Pumayag ang landlord dahil dagdag kita nga naman at wala naman siyang renter na may sasakyan. At ipinuhunan namin sa tindahan ang naipon ko sa pagkakantina.

“Lagyan mo ng CCTV,” sabi ng asawa ko minsan.

“Sige,” sagot ko. Pero hindi ko sinunod. Dalawa ang CCTV ng baranggay na nakakabit sa mga poste sa Boston Street na parehong nakahahagip sa harapan ng tindahan namin.

“Maglagay ka ng kawad na may kuryente,” iminungkahi na naman ng asawa ko. “Sa gabi lang natin i-switch.”

“Delikado,” sagot ko naman. Ipinaliwanag ko na mahirap kung ang mismo naming anak ang aakyat kung ganoon na hindi namin mamalayan na pumunta sa 7-Eleven tapos makakalimutan niya ang sarili nitong susi at aakyat niya ang tindahan saka dadaan sa pintuan papunta sa yunit namin.

Pero maya’t maya, maktol ng asawa ko ang kawalan ng seguridad ng aming tindahan.

“Walang magnanakaw sa komunidad natin,” paninigurado ko naman sa kaniya.

Nagsimula siyang mangulit tungkol sa seguridad nang maikuwento ko sa kaniya si Jesus. Halos mahigit tatlong buwan ang nakararaan, minsan isang madaling-araw ng nakaraang Disyembre, kabubukas ko lamang ng tindahan bago mag-alas-singko nang may bibili. Tinanong ko kung ano ang bibilhin niya.

“Yelo,” sagot niya. May asar ako sa walang paggalang na pananalita niya.

“Madaling-araw, tapos yelo ang hahanapin mo?” sabi ko. Nag-alala ako na kapag ininom niya ang yelo, sisipunin, lalagnatin saka tatrangkasuhin at babagsak na COVID. Umaapaw pa naman na ang mga ospital.

“Oo naman,” sagot niya na walang pag-aalinlangan.

“Inumin mo? Ang lamig kaya!”

“Idampin ko sa mata ni mama,” sabi niya na walang kagatol-gatol. “Blak ay. Sinuntok na naman ng asawa niya!”

Natigilan ako. Hindi kaagad ako nakapagtanong nang iabot ko na ang nakaplastik na yelo. Nang iaabot niya ang dalawang piso, sa

halip na sabihin ko na tig-limang piso ang yelo, nasabi ko na huwag na niyang bayaran. Ano pa't kumaripas na ng takbo sa kanan patungo sa Aurora Boulevard—marahil sa kumpol ng mga kabahayan sa may Seattle Street.

Pagkaraan ng ilang araw, naroon na naman ang bata. Natanaw ko siya nang paparating ito. Naalala kong tanungin ang pangalan niya.

“Dyisas,” sagot niya.

“Ikaw pa lang ang Jesus na mumurahin ko kung di ka marunong mag-po at opo,” sabi ko. “Tito, sabihin mo sa akin.”

“Eh, di tito,” sabi niya at tumakbo na naman pakanan. Napahagaltak na lang ako.

Sa sumunod na araw, pumunta si Jesus sa tindahan nang magtatanghali na. Nagtaka ako. Bumili ng Stick-O, at tatlong stick na Mighty Red.

“Paborito ito ni mama,” sabi niya sa Stick-O.

“Eh, 'yang yosi?”

“Ano . . . sa asawa niya.”

“Asawa niya? Eh, di tatay mo?”

“Hindi. Wala na akong tatay . . .”

Naaninag ko na nangislap ang kaniyang mga mata. Naiiyak?

“Wala na? Patay na?”

“Sabi ni mama, tatlong taon lang ako noong umalis. Nagpaalam daw na magkokonstruksiyon. Di na umuwi.”

Tumalikod at tumakbo na siya pakanan.

Kinagabihan, iyon ang unang pagkakataon na naikuwento ko sa asawa ko ang tungkol kay Jesus. Sinabi ko na posibleng biktima ng tokhang ang ama nito. Ang ina niya, may bagong kinakasama na madalas manakit dito. Kapag bibili ng yelo si Jesus, iyon ang ginagamit na pampahupa sa bukol sa mukha ng ina nito.

Bumuntonghininga ang asawa ko. “Ang dami nang nakaka-depress na nangyayari sa ngayon,” sabi niya. “Mabuti nga at hindi tayo nako-COVID.”

Hindi na ako sumagot. Mula nang hindi na ako masyadong kinakausap ng anak ko, iniwasan ko nang makipagtalo sa kahit sinuman.

“Baka puwede mong tulungan si Mikael sa PETA n'ya. Gagawa raw ng parang rebulto. Anong alam ko sa ganyan?”

“Gusto ba niyang tulungan ko siya?” sabi ko na halos pabulong.

“Di ka n’ya maririnig,” sabi ng asawa ko. “Naka-aircon siya, di ba? At ang ingay ng electric fan natin. Linisan mo nga minsan. Pero unahin mo munang tulungan si Mikael.”

“Kung gusto niya.”

“Ikaw naman, Dado. Magpasensiya ka na lang. Ganyan ang mga bata ngayon. Masyadong matampuhin. Saka di mo naman kasi naiintindihan ang mga pinagsasabi niya.”

“KAILAN nag-asawa ng iba ang mama mo?” tanong ko kay Jesus.

“Nang ayaw na akong kalaro ’yong naging asawa niya.”

“Kalaro?”

“Oo. Kuya-kuyahan ko noon ’yon. Lagi kaming magkasama. Pero noong nakakuha ng sariling kariton, ayaw na akong kalaro. Nagkakalkal ng basura. Tapos, sinasama-sama niya si mama. Tapos, lagi na silang nag-aano sa kariton niya.”

Natigilan ako.

“Napulot nga lang daw ni papa ’yon noon, sabi ni mama,” patuloy ni Jesus. “Kapa-kapatid ni papa bago sila nag-asawa ni mama. Nang buhay na ako, siya naman ang kuya-kuyahan ko. Kung *eyt* ako ngayon, eh di, ano siya, *eytin*.”

“Si mama mo, ilang taon?”

“Matanda na ’yon!”

“Yong asawa niya, ang bata pa pala. Tapos, kaya niyang bugbugin ang mama mo?”

Tumingin sa malayo si Jesus. Napansin kong nangislap na naman ang mga mata nito.

“Ba’t nga pala sinasaktan niya ang mama mo?”

Humarap sa akin si Jesus. “Kapag walang mayosi.”

“Yosi lang, mananakit na?”

Hindi siya sumagot.

“Ano nga pala ang pangalan ng tatay mo?”

“Eloy,” sabi niya. “Papa Eloy . . .”

“Yong totoo. ’Yong hindi palayaw.”

“Angelo . . .”

Nangalisag ako sa narinig ko. Hindi ko maintindihan ang naramdaman ko. Dahil siguro napansin ko ang buhay na nunal sa kaniyang kilay sa kaliwang mata. May ganoong kilay ang nanay ko, at marahil, naalala ko ang nanay ko sa sandaling iyon na dahilan ng pangangalisag ko. Naalala

ko na rin ang kapatid ng nanay ko, si Tiyo Udiong na nakitira sa amin bago siya natutong maglayas.

“Eh, ano naman ang pangalan mo?” tanong ni Jesus.

Hindi ako sumagot.

“Ano naman ang pangalan mo, tito?” inulit niya at nasagi ang loob ko sa itinawag sa akin.

“Diosdado Tacsiat Tagudar,” sinabi ko nang dahan-dahan.

“Ang haba,” sabi niya.

Pumilas ako ng papel sa pinaglilistahan ko ng mga nagpapa-load at isinulat ko ang pangalan ko, saka numero ng aking selpon.

“Yan . . . Para di mo makalimutan.”

Bantulot siya sa pagkuha ng papel. Tinupi niya sa apat saka isinuksok sa maliit na bulsa ng kaniyang marungis na shorts.

“A, ano, Jesus,” sabi ko, “anong buong pangalan ng papa mo?”

Tumingala si Jesus saka niya sinabi: “Angelo De Perdido.”

ANGELO ang ipinangalan ni Tiyo Udiong sa kaniyang anak. Para raw lumaki na mabait kagaya ko. May diyos sa pangalan ko na Diosdado, anghel naman ang anak niya. Kaya magiging pareho kaming mabait. Iyon ang sabi ni tiyo.

Nagkataon na ipinanganak ang anak niya noong nagbakasyon ako. Kakasara lamang ng pinagtrabahuan kong konstruksiyon sa Ilokos kung saan ako nanilbihang drayber ng dalawang taon, kaya inabot ako ng isang buwan sa lugar namin. Nang mga panahong iyon, mahigit dalawang taon nang nakatira sina tiyo sa lugar namin, kasama ang iniuwi niyang kinakasama na bagaman halos magkasing-edad kami, tinawag kong Tiya Femelyn.

Iyong una kong bakasyon mula sa paglalayas—na unang beses ko ring binoto si Bongbong Marcos na Senador bagaman natalo dahil sabay sila ni Enrile—marunong na akong uminom ng alak. Madalas kong yayain si tiyo pero ang sagot, matagal na raw niyang itinigil dahil muntik siyang mamatay dahil sa sakit sa бага. Kapag nasasamahan niya ako, hinebra ang akin, kola naman ang sa kaniya. Kung ano-ano ang napagkukuwentuhan namin.

Bunso nila nanay si Tiyo Udiong at malayo ang agwat sa sinundan niya. Jude ang tunay na pangalan. Halos sampung taon lamang ang una sa akin. Nakitira siya sa amin dahil pagkatapos mailibing ang nanay nila na namatay sa atake sa puso, bumalik na sa Ilokos ang mga kapatid nila.

Nasa sinapupunan pa lamang si Tiyo Udiong noong mamatay ang kanilang ama. Ayon kay nanay, nabati ito sa gubat. Pagkatapos magbaba ng troso gamit ang kalabaw, nagsimula ang pawala-wala nitong lagnat hanggang sa maratay at mamatay.

Dahil ako ang panganaysa mga tatlong magkakapatid at halos sampung taon lamang ang agwat namin ni Tiyo Udiong, parang kuya ko na siya. Nagkamalay akong siya na ang kalaro ko. Lagi akong isinasama-sama kapag magpapastol ng hayop, mangunguha ng gagamba, mangunguha ng kung ano-anong bunga ng puno at halaman na nakakain, magtitirador ng ibon, at kung ano-ano pa na puwedeng gawin sa isang nayon.

Nag-aral din si Tiyo Udiong. Pero hindi natapos ang hayskul bagaman inabot siya ng limang taon para rito. Maliban kasi na lumiliban siya kapag may inihahabol sila ni tatay na aaruruhin, sabi niya na mahirap pumasok ang leksiyon sa ulo niya. Dahilan niya ang matigas niyang bungo. Maaaring napagtiyagaan din sana niya na tapusin kung hindi sa biglaan niyang paglayas.

Bagong salta ako sa elementarya, minsan isang Sabado, niyaya niya akong mangapa ng isda sa Calacongan, isang sityo sa bayan namin na bakawanan at pinagsasalubungan ng ilog-tabang at dagat. Tig-isa kami ng buslo. Halos wala pa sa bukong-bukong ang tubig sa bakawanan.

“May dala kang suwerte, Dado,” sabi ni tiyo. Marami kaming nakapa na samaral, indangan, labahita, banak, ulang, at iba pa. Maliban sa napuno ang mga dala naming buslo, may sukbit pa pala siyang sako at nalamnan ng sangkapat.

“Masisiyahan ang nanay mo! May ibebenta!” sabi niya.

Ang siste, hindi namin napansin ang pagtaas ng tubig. Nang nasa tuhod na niya ang tubig, napansin kong nag-alala siya. “Tara na!” sabi niya.

Parang masyadong malalim na bahagi ng bakawanan ang narating namin. Noong nasa pangunahing ilog na kami, halos lagpas ulo ko na ang tubig. Binilin niya na humawak ako sa kaniyang buslo na nakakabit sa katawan niya. Iyong minsan na daluyong ng tubig, nakainom ako. Suminghap ako na kasabay naman ng pagkakabitaw ko. Iyon ang huli kong maalala.

Nang manumbalik ang malay ko, nakahiga ako sa gilid ng landas. May ilang tao sa paligid. Maya-maya pa, naglalakad na kami ni tiyo pauwi.

“Dado, wag mo na lamang banggitin sa nanay at tatay mo, ha,” sabi niya.

“Opo, tiyo,” sabi ko.

Pero nabalitaan nina nanay at tatay ang nangyari.

Hindi ko na masyadong maalala pero batay sa paulit-ulit na kuwento ni nanay nang magkaedad na ako, mag-asawang sampal ang binigay ni nanay kay Tiyo Udiong. Muntik naman siyang hatawin ng nasa lalagyan na itak ni tatay.

Kapag iniisip ko ang nangyari, OA ang mga magulang ko sa naging reaksiyon nila. Ako na may-ari ng muntik mamatay na katawan, kinikilala ko na utang na loob ko ang pagligtas sa akin ni Tiyo Udiong. Ang masama, sa akin pa siya nagpaalam nang lumayas siya. Inilagay ang ilang damit sa basket na net. Iyak ako nang iyak at mahigpit ang yakap ko sa hita niya para lamang hindi siya umalis.

Habang wala si tiyo, madalas sabihin ni nanay na nasa Ilokos na ito, kung saan naroon ang anim nilang mga kapatid. Pero noong bumalik pagkalipas ng dalawang taon, sabi niya na galing siya sa Alcala, ang pinakatimog na bayan ng unang distrito ng Cagayan. Nagtrabaho siya bilang katulong sa isang logpond hanggang sa matuto siyang magmaneho ng six-by na trak.

Pagkaraan ng una niyang bakasyon, nasundan ito ng kada isang taon o pagkatapos ng ilang buwan. Saka namin malalaman kung saan siya nagtrabaho bilang drayber. Nakapunta siya sa Isabela, sa Aurora, sa Maynila, at, ang pinakahuli, sa Mindanao kung saan niya nakuha ang kinasama niya.

Tuwing magbabakasyon naman, binibigyan ako ng pera na medyo malaki-laki sa bata. “Wag mong ipapakita sa nanay mo para may inuunti-unti ka,” sinasabi niya kapag nagbibigay siya. Pero siyempre, hindi ko naman kayang maglihim kay nanay.

Ayon kay nanay, hindi kaagad nagbuntis si Tiya Femelyn, dahilan para makarinig si tiyo ng mga pasaring ng mga kabaryo namin.

“Malinaw na kasi ang semilya mo, Udiong,” sabi minsan ng isang kaedaran niya kaya muntik silang magtagaan.

Nang magkaroon siya ng anak, niyaya ko siyang magdiwang.

“Sa wakas, tiyo!” sabi ko nang hindi siya kumibo sa paanyaya ko na mag-inuman kami para magdiwang. “Sa susunod na linggo, ipangdadrayb ko ang isang pamilya sa Maynila, baka matagal-tagal ulit tayong hindi magkikita. Sige, kahit panoorin mo lang ulit ako.”

Pinagbigyan ako ni tiyo. Ibig kong sabihin, uminom din ng hinebra. Tumikim lamang siya noong una. Hanggang sa nasarapan at naghalinhinan na kami ng tagay. Nakaubos kami ng halos tatlong bilog. Paulit-ulit niyang sinabi na kapag umasenso ako—dahil nga ako ang

nakapag-aral ng kahit bokasyonal lamang—hindi ko sana hahayaan na hindi makapag-aral ang kaniyang anak. “Pag-aralin mo sana, ha, Dado,” sabi niya, “at kahit siya naman ang magpapaaral sa mga anak mo, ha.” Saka siya nagtatawa.

Hindi na nagising si tiyo kinaumagahan. Basta na lamang siya hilik nang hilik kahit anong gising namin. Pinatagilid, binangon, niyugyog namin, ayaw. Nang papagabi na ulit at magsisimula nang humagulhol si Tiya Femelyn, dinala na namin sa ospital sa karatig-bayan. Pero hindi pa rin nagising. Hanggang sa ikatlong araw, kinausap na kami ng doktor na hindi na magigising si tiyo. Bangungot. Ganoon kasimpleng paliwanag ang ikinamatay niya.

Pero sa ganang akin, o sa aming pamilya, malinaw na dahil sa pag-iinom namin sa gabing iyon. Muntik akong magpakalunod sa ilog sa matinding sama ng loob ko sa mismong sarili ko.

TACSIAT ang apelyido nina nanay at Tiyo Udiong. Kaya pinagpag ko ang namumuong duda ko tungkol sa Angelo na ito na ama ni Jesus.

“De Perdido, sabi mo, ang apelyido n’yo ng papa mo?” tanong ko kay Jesus. Kung ano-anong haka-haka na ang sumasagi sa akin. Marahil, dala na ito ng pagkabagot at takot na dala ng pandemya.

“Oo,” sabi ni Jesus na tumawa. “Buti alam mo. Ako, minsan nakakalimutan ko.”

“De Perdido?” inulit-ulit ni nanay nang tumawag ako sa kaniya. Tinanong ko kung ganoon ang apelyido ng kinakasama ni Tiyo Udiong.

“Di ko maalala. Basta ang alam ko, Femelyn Tacsiat ang sagot niya kapag tinatanong ang pangalan niya. Kumusta na nga kaya sila ng pinsan mo? Ba’t mo nga pala naitanong? Basta mo na lang naalala, ha. Nga pala, di na nga natin naisasama sa pamisa ang tiyo mo. O kahit maalayan man lang ng kakanin at hinebra.”

Naalala ko tuloy ang kamatayan ng tiyo ko at nangalisag na naman ako. Napaluha tuloy ako.

Ilang buwan pa lamang pagkatapos ng kamatayan ni Tiyo Udiong, ibinalita na ni nanay na umalis na si Tiya Femelyn sa lugar namin. Nililigaw-ligawan daw kasi ng mga kabaranggay namin saka may sumubok pang pumasok minsan isang gabi. Dinala niya ang anak nila ni tiyo. Ito namang nanay ko, hindi man lang nakuha ang adres sa Mindanao na sinabing doon uuwi. Sa asar ko, muntik kaming mag-away na mag-ina. Dahil paano ko pa matutupad ang pangako ko sa tiyo ko?

Kapag may nakikilala akong taga-Mindanao, naipagtatanong ko kung may alam silang lugar kung saan puwedeng may logging. Pero kahit alam pa nila, di naman awtomatik na iyon ang lugar ni Tiya Femelyn. Nang mauso na ang Facebook, kung ilang beses kong ni-search ang Femelyn Tacsiat. Wala.

“Dado, nar’yan ka pa?” Naalimpungatan ako sa salita ni nanay. “Ba’t naalala mo?”

“Lagi ko naman silang naaalala, ’nay,” sabi ko. Garalgal na ang tinig ko.

“Wag mo masyadong dibdibin,” sabi ni nanay. “Matagal na. Marami tayong inaasikaso, may pandemya pa. Kumusta ang mag-ina mo?”

“KAPAG wala kayong maipambili ng yosi ng asawa ng ermat mo, kuha ka lang dito,” sabi ko minsan kay Jesus.

Tinitigan lang ako. Inulit ko.

Sa sumunod na madaling-araw na nagbukas ako ng store, nasa harapan si Jesus na nakatayo.

“Yelo ulit?” sabi ko. “Sabi nang kumuha ka lang ng yosi dito kung wala kayong maipambili.”

“Hindi. Tutulungan kita. Akin na walis tingting. Walang bibili kung marumi ang harapan ng istor mo.”

Pagkatapos magwalis ni Jesus, inabutan ko ng limang Stick-O at tatlong Mighty Red.

Noon nagsimula ang kada madaling-araw na pagtulong ni Jesus sa akin. Binigyan ko ng sweater na pinaglumaan ni Mikael dahil bagaman malapit na ang tag-araw, malamig pa rin ang mga madaling-araw dahil ayon sa balita, dahil sa natutunaw na yelo sa Antartika.

Pagkatapos niyang makapagwalis sa harapan, tinatangal niya isa-isa ang mga straw ng mga basyo ng bote ng sopdrink na nilalagay ko sa harapan kapag nagpapadeliber ako, at kapag nauubusan ako ng styro cups, straw, stirrer, at plastic bag, nauutusan ko na bumili sa may Arayat.

“Kapag di ’yon bumalik, gudbay dalawang daan,” sinasabi ng asawa ko kapag nakaalis na si Jesus.

Bumabalik naman siya.

Gayunpaman, sinisita ako ng asawa ko. Sabi niya na bata pa rin ng kalsada si Jesus at nalalambungan ang isipan nito sa mga hindi magagandang gawi sa lansangan.

UMAAMBON noon at naroon kami sa store ng asawa ko nag-uusap. Natigilan kami nang biglang may narinig kaming atungal ng babae. Saka nasundan ng ingay ng gulong. Nang matanaw namin ang dahilan ng ingay, may babaeng nagtutulak ng kariton. Humihikbi. May kasamang binatilyo. Mas matanda ng ilang taon marahil kay Mikael subalit mas payat.

Biglang hinampas ng binatilyo ang hawak nitong parang maliit na sanga ng puno sa ulo ng babae. Umatungal na naman ang babae.

Napansin kong umakyat ang dugo ko sa mukha ko. Suminghal ako. Napansin ng asawa ko at hinawakan niya ang braso ko. Pero noong makatapat sila sa amin, hindi na ako nakapagpigil.

“Hoy, bawal ’yan! Papabaranggay kita!”

Tiningnan ako ng masama ng binatilyo. Tiningnan ko rin ng masama. Siniko ako ng asawa ko.

Lumingon ang binatilyo sa pinanggalingan nila saka sumigaw: “Dyisas! Putangina mo, halika!”

Nagulat ako sa narinig ko. Dyisas? Tootoo, si Jesus ang bantulot maglakad na sumusunod sa kanila. Ipinapayong ang palad sa mukha. Hindi lumilingon sa amin.

Nang makubli sila sa kaliwa na marahil patungo sila sa Lantana Street kung saan naroon ang center ng Kuya Drop-In na madalas magpapila para mamigay ng lugaw, sinita ako ng asawa ko.

“Yon ang pamilya ng bata na tumutulong sa ’yo?”

Bantulot ang tango ko. Pumipitik ang pisapis ko. Parang gusto kong pagbabaliin ang binatilyo.

“Masyado kang pakialamero, Dado,” sabi ng asawa ko. “Masama ang tingin no’ng lalaki. Mamaya, harangin ka kapag papunta ka sa palengke.”

“Ihahampas ko sa kaniya ang bisikleta ko,” sagot ko.

NARAMDAMAN namin ng asawa ko na bahagya kaming nakabawi nang magkaroon kami ng store. Sa average na benta na anim na libo sa araw-araw, tanggalin mo ang gastos na renta at kuryente, may kita na isang libo. Nasa tatlumpung libo sa isang buwan ang kita. Dito na kami kumukuha ng renta sa kaserang.

Kapag naaalala ko ang ganyan kalaking kita, nagsisisi ako kung bakit hindi ko inintindi ang sabi ng asawa ko na pagpapakabit ng mga bagay tungkol sa seguridad.

Nang madaling-araw na iyon pagkatapos ng Bagong Taon, halos maglupagi ako sa tumambad sa akin. Pinasok ang store namin. Halos maubos ang laman. Unang tinakbo ko ang arinola kung saan ako naglalagay ng pinagbentahan ng nakaraang araw. Ubos. Ubos din ang mga de-lata, rekado, sitsirya, ilang inumin, lahat ng yosi.

Sa CCTV ng baranggay, dalawang lalaki ang pumasok sa store. Mabilis ang mga galaw nila. Tig-isa sila ng kariton na nag-uumpaw sa mga kinuha nila sa store. Ang lakas ng kabog ng dibdib ko habang pinapanood ko ang nangyari.

“Di mamukhaan, boss,” sabi ng mga taga-baranggay. “Wala kaming nakikitang ganyan ang asta. Siguradong di taga-rito ang mga ’yan.”

Nanginginig ako. May hinuha ako sa isang lalaki. Pero hindi ko na sinabi sa taga-baranggay. Noon ko lang naalala na sa madaling-araw na iyon, hindi nagpakita si Jesus para tumulong. Tiyak na may alam. Posible pa ngang lookout ang tarantadong bata. Kumulo ang dugo ko.

Pagkarating ko sa tinitirhan namin, sinakyan ko ang aking bisikleta. Nagtungo ako sa Seattle Street. Natanaw ko si Jesus sa kumpol ng mga bata. Nang matanaw niya ako, sinubukan niyang umalis. Lalo akong nagduda na may nalalaman siya. Pinabilis ko ang bisikleta saka ko basta tinumba. Hinawakan ko ang kabilaan niyang palapulsuhan. Di ko pinansin na ang papayat ng mga braso niya. Hinigpitan ko ang hawak ko saka ko niyugyog ang patpatin niyang katawan. Umiyak siya.

“Kayo ang nagnakaw sa tindahan ko, ano?” Halos mangatal ako sa pagsinghal sa kaniya.

Lalo siyang umiyak. At natitigan ko ang buhay na nunal sa kaliwa niyang mata. Naalala ko ang nanay ko, at si Tiyo Udiang. Unti-unti, lumuwag ang hawak ko.

May tumikhim sa likuran ko. Paglingon ko, papalapit sa akin ang ilang katao. Sinamantala iyon ni Jesus. Humulagpos siya at kumaripas na siya ng takbo patungo sa kabahayan.

“Anong problema mo, mister?” sabi ng isang katanghaliang gulang na astang may pagkatombay.

“Pinagnakawan ang tindahan namin kagabi,” sabi ko bagaman nag-alangan ako. “Tiningnan ko sa CCTV ng baranggay. ’Yong kinakasama ng nanay n’ya ang nakita ko.”

“Eh, di sa pulis ka magreklamo, mister,” sagot ng kausap ko. “Ba’t ’yong bata ang aanuhin mo?”

Hindi ako nakaimik.

“Iniwan na nga ng ina. Umalis sila ng dyowa niya kagabi. Tapos igaganyan mo pa.”

Kasalanan ko pa. Lumingon-lingon ako. Wala na si Jesus. Halos maktol ang paghingi ko ng dispensa. Sinakyan ko ang bisikleta. Nagbaka-sakali ako na nagpaikot-ikot. Pero hindi ko na nakita pa si Jesus.

HINDI matapos-tapos ang paninisi sa akin ng aking asawa. At tinitiyak niya na si Jesus, at ang ina at amain nito ang mga magnanakaw. Sabi niya na sa lahat ng mga bumibili sa amin, sila lamang ang mukhang mahirap at hindi namin alam kung saan nakatira. Totoo nga naman na maykaya ang mga kapitbahay namin. At kakuwentuhan na namin sila.

Sabi ng asawa ko na kapag kausap ko si Jesus, sinasamantala naman nito na tingnan ang mga laman ng tindahan, bagay na di ko naman napansin.

Kapag nagkataong kaharap si Mikael habang sinisisi ako ng asawa ko, ituturo niya ang Number 2 sa pinaskil niya sa dingding ng kumedor na “Two Golden Rules to a Happy Marriage Life” na may nakalagay na “1. The wife is always right. 2. When you feel she is wrong, slap yourself and read rule number 1 again.”

“Di ka kasi naniniwala sa akin,” paulit-ulit ng asawa ko. At nang ipagpilitan niyang isasara na namin ang tindahan at tutulongan ko na lamang sila ni Mikael sa kanilang online business, hindi na ako kumontra. Ako ang ipinasiya nilang tagabili ng ibebenta nila, at magdedeliber gamit ang bisikleta kapag malapit lang ang nag-order. “Kapag nakaipon ako, ibibili kita ng motor,” sabi ng asawa ko.

SINUYOD ko ang halos lahat ng karatig-slum area, gilid ng mga napabayaan o nagsarang gusali, sa mga ilalim ng tulay at istasyon ng tren. Nagtanong-tanong ako. Maingat nga lamang na pagtatanong dahil napansin ko na kapag agresibo, balik sa akin ng pinagtanungan ko: “Bakit, pulis ka?”

Wala akong napala.

Nang maalala ko na nabanggit dati ni Jesus na may pag-aaring junkshop dati ang kaniyang ama, pinagtanungan ko naman ang halos lahat ng junkshop sa bandang iyon ng Cubao.

Nakaamoy ako ng tagumpay sa may junkshop sa Arayat. Sa itinurong may-ari, itinanong ko kung kilala niya ang isang Angelo De Perdido o Eloy. Tiningnan ako ng masama.

“Bakit, pulis ka?” Halos pasigaw ang pagkakasabi niya.

“Pinsan ko,” sabi ko bilang pangtantiya ko na rin sa reaksiyon nito. Bahagyang natigilan. Sinamantala ko iyon. “Matagal akong niyayaya para bisitahin siya rito, na binigay niyang adres. Nabanggit niya na meron siyang junkshop.” Ang impormasyon na binigay ni Jesus ang batayan ko sa mga sinabi ko.

“Meron siyang junkshop?” Mas mabigat na ang pasigaw ng lalaki. “Ekyusmi! Dating magbabasura. Kinuha kong katulong. Pero pinagnakawan ako ng gago! Ha! May junkshop siya, ha!” Tumulikod ang lalaki at mabilis siyang pumasok sa loob ng junkshop. Kinabahan ako pero di ako nagpahalata. Lumapit nang bahagya ang mga kalalakihang naratnan ko sa junkshop. Mga katulong sa junkshop o mga magbabasura. Di ko mawari ang mga asta. Naisip ko pagkatapos ng pangyayari na maaaring paraan nila para paalisin na ako sa lugar na iyon. Pero hindi nila nagawa dahil saglit lamang, nakabalik na ang lalaki sa harapan ng junkshop at may hawak na itong baril na itinututok sa akin. “Pinsan mo pala, ha? Babayaran mo ang ninakaw sa akin? O babasagin ko ang bungo mo?!”

“Boss,” sabi ko saka bahagyang itinaas ang aking mga kamay. Nanginginig na ako. “Kung may problema ka sa kaniya—”

Natigilan ako nang biglang tumalikod ito saka pumasok sa loob ng junkshop. Kaagad namang bumalik ang mga kalalakihan sa dati nilang posisyon at gawain na naratnan ko. Lumingon-lingon ako. May natanaw akong mobile car ng mga pulis. Nabuhayan ang loob ko. Kaagad kong sinakyan ang bisikleta ko at isinumpa ko na hindi na ako babalik sa lugar na iyon.

Bagaman hindi ako tumigil sa hangarin na kahit man lang sana matanaw ko si Jesus. Palingon-lingon ako sa paligid kapag mamamalengke ako o mamimili ng mga paninda ng mag-ina ko. Subalit, bigo ako.

Kapag nanonood ako ng balita sa telebisyon, hinihiling ko na may maibalitang itinumba sa kagustuhan kong iyon sana ang amain ni Jesus—patawarin na lang ako ng Panginoong Diyos.

Hanggang sa makatanggap ako ng tawag mula sa Delgado Hospital. Noong una, di ko pinansin ang tunog ng selpon ko. Lalo pa’t di naka-store ang numero. Naiisip ko pa rin ang lalaki sa may junkshop sa Arayat.

“Naniningil yata ng pautang, Dado,” sabi ng asawa ko. “Kaya ayaw mong sagutin.”

Napilitan akong sagutin ang tawag.

“Kayo ba si Diosdado Tactac Tagudar?” sabi ng tinig sa kabilang linya.

Pagkatapos kong umoo, hiniling ng babae na pumunta kaagad ako sa ospital dahil ako lamang ang nakontak nila na maaaring nakakakilala sa isang batang pasyente na malala ang kalagayan.

Nang papaalis na ako, sinita ako ng asawa ko. “Ano kayang ipinakain sa ‘yo ng batang ‘yon na di mo naman kaano-ano, talo pa ang anak mo kung asikasuhin mo!”

“Pupunta ako baka-sakaling ituro n’ya kung nasaan ang mga magnanakaw.”

SINANG-AYUNAN ko kaagad ang anumang kailangan nilang gawin kay Jesus. At tinanggap ko na ako ang magbabayad sa gastos. Hindi ako nakapasok sa ospital at hindi ko nakita ang mukha niya dahil sa sitwasyon ng ospital dahil sa pandemya.

Pero batay sa report na ibinigay sa akin ng nag-ayos ng pagkaka-admit kay Jesus, nakuryente ito sa isang bakod ng isang store na posibleng plinano niyang pagnakawan. Ang masama, nang makabitaw siya sa kawad, bumagsak sa sementadong sahig at may tama ang gulugod niya.

Pagkatapos kong basta nakaupo sa may bodega, inipon ko ang lahat ng lakas ko, tumayo at sinabi ko lahat ng totoo sa asawa ko. Sinabi ko na lalo akong mai-stress kapag pinabayaan ko ang bata.

“Ilapit mo sa gobyerno,” sabi ng asawa ko. Sa sandaling iyon, naramdaman kong mahal ako ng asawa ko.

“Oo, ilalapit ko,” sabi ko. “Ipapaampon ko. Kung puwede, hingin ko na ire-reimburse nila ang mga ginastos ko.”

Sumakay kaming tatlong mag-anak sa taksi at pinuntahan namin si Jesus sa ospital. Pero di pa rin kami pinapasok. Bagaman tiniyak ng doktor na ligtas na ang bata.

Hiningi ko na kung maaari, kakausapin ko sa selpon si Jesus. Pumayag ito.

“Si Tiyo Dado ito,” sabi ko. “Hindi na ako galit sa iyo, Jesus.”

“Di naman ho ako ang nagnakaw sa tindahan n’yo, tito,” sabi nito saka umiyak.

“Hayaan mo na. Oo, naniniwala ako.”

“Yong huli lang po, pumayag na ako. Kasi sabi ni kuya, may gagawin siya na masama kay mama ’pag ayaw ko.”

BAGAMAN inako ko na hindi ko kamag-anak si Jesus, ako ang kinontak ng Foundation na nirekomenda ng ospital na pagpapaampunan sa kaniya—dahil nga inako kong hindi ko kamag-anak. Mabuti at tumulong naman sa prosesong ito ang matanda na may-ari ng store na “ninakawan” ni Jesus. Naging malapit kami nang makiusap ako sa kaniya na huwag na niyang ipahuhuli ang bata sa DSWD. At dahil pare-pareho kami, kasama ang ospital, na nag-aalala sa kalagayan ni Jesus kung hahayaan naming bumalik sa lansangan, nagkasundo kaming ilapit sa isang legal na ampunan.

Nataon na habang inaayos namin ang pagpapaampon kay Jesus, kinontak ako ni Boss Tiani, ang dating boss ko na may-ari ng bahay na pinagsilbihan kong caretaker. Inalok niya na maging pangunahing caretaker ako sa kaniyang poultry sa Bocaue, Bulacan. May sahod akong dalawampung libong piso kada buwan at libre ang tirahan namin.

Idinahilan ko na malayo sa paaralan ng anak ko. Pero ang asawa ko ang sumagot. Sabi niya na online na ang klase at ayon sa balita, aabot pa ng tatlo hanggang apat na taon ang pandemya. Hindi na ako kumontra. Naalala ko ang paskil ni Mikael sa kumedor namin.

ISANG linggo pagkatapos naming makapag-ayos sa bago naming tirahan sa Bocaue, nakatanggap ako ng tawag mula kay nanay. Akala mo, nasusunugan ang tinig. ’Yon pala, naroon sa lugar namin si Tiya Femelyn. Naisama raw na katulong sa isang network ng isang motel at nagkataon na hindi na nakalabas sa probinsiya namin dahil sa pandemya.

“Eh, kumusta naman ho sila?”

“Sabi n’ya, bisitahin mo raw ang pinsan mo sa Munti.”

“Munti? Nabilanggo?”

“Oo raw,” sagot ni nanay. “Paano, nagbenta raw ng drugs ang tarantado!”

“Eh, ’nay, ano raw ang pangalan?”

“Angelo . . .”